## Mga Labanan sa inyong Nobyembre 5 na balota

Magkakaroon ang inyong Nobyembre 5 na balota ng maraming mga kard na naglalaman ng mga pederal, estado, at mga lokal na labanan: Presidente ng Estados Unidos at Bise Presidente, Senador ng Estados Unidos, Kinatawan ng Estados Unidos, Senador ng Estado, Miyembro ng Asembleya ng Estado, Mayor, Abugado ng Lungsod, Abugado ng Distrito, Sheriff, Tesorero, Mga Miyembro ng Lupon ng Edukasyon, Mga Miyembro ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, gayundin ang pang-estado at pang-lokal na mga panukala.

Para sa mga botanteng nakatira sa ika 1, 3, 5, 7, 9, at 11 na mga superbisoryal na distrito*, magkakaroon ang kanilang mga balota ng labanan para sa Lupon ng mga Superbisor.

Para sa mga botanteng nakatira sa ika 7 o 9 na mga Distrito* ng BART, magkakaroon din ang kanilang mga balota ng labanan para sa Lupon ng BART.

**Para makita ang inyong mga kasalukuyang pinagbobotohang distrito, pumunta sa **sfelections.gov/myvotingdistrict**.*

***Sa dami ng mga labanan, baka gusto ninyong simulan nang maaga ang inyong pananaliksik!***

### Gawing mas madali ang pagboto sa pamamagitan ng aming mga karagdagang tool sa online!

- ✔ Gumawa ng inyong plano sa pagboto: ***sfelections.gov/voteready***
- ✔ I-check ang inyong impormasyon, subaybayan ang inyong balota, o humiling ng kapalit nito: ***sfelections.gov/voterportal***
- ✔ Mag-sign up para makatanggap ng mga notipikasyon tungkol sa balota: ***wheresmyballot.sos.ca.gov***
- ✔ Alamin ang tungkol sa pagkakaroon ng seguridad sa eleksyon: ***sfelections.gov/security***
- ✔ Tingnan ang pauna at pinal na mga resulta ng eleksyon sa: ***sfelections.gov/results***

## Maging isang Manggagawa sa Botohan!

Maaari kayong makatulong sa inyong komunidad at kumita ng hanggang $295! Nag-eempleyo kami ng higit sa 2,000 na mga manggagawa sa botohan – karamihan sa kanila ay bilingguwal – para sa bawat isang eleksyon. Para mag-apply, pumunta sa ***sfelections.gov/pwa*** o tumawag sa (415) 554-4395.

## Obserbahan ang proseso ng eleksyon

Maaari ninyong obserbahan ang mga proseso ng eleksyon nang personal o sa pamamagitan ng live-streaming. Para tingnan ang kalendaryo ng mga na-oobserbang proseso, pumunta sa ***sfelections.gov/observe*** o tumawag sa (415) 554-4310.

## Lagi kaming handa para sagutin ang inyong mga tanong!



English: (415) 554-4375
Español: (415) 554-4366
中文： (415) 554-4367
Filipino: (415) 554-4310
TTY: (415) 554-4386

***sfvote@sfgov.org***

***sfelections.gov***

Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl.
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

/ sfelections

# Nobyembre 5, 2024

## Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon




Tutulungan kayo ng brochure na ito para malaman ang inyong mga opsiyon sa pagboto, mga labanan sa inyong balota, at iba pa!

**Kailangan magparehistro para bumoto o i-update ang inyong impormasyon tulad ng inyong address?** Pumunta sa ***registertovote.ca.gov*** o humingi sa amin ng papel na registration form.


**Kailangan ng tulong?** Tumawag sa amin sa (415) 554-4310, mag-email sa ***sfvote@sfgov.org***, o bumisita sa aming tanggapan sa loob ng City Hall, Room 48. Para kaagad-agad makatanggap ng mga opisyal na balita at mga update tungkol sa eleksyon sa inyong inbox, mag-subscribe sa ***sfelections.gov/trustedinfo***.

# Ranked-choice na pagboto

Gagamit ang mga taga-San Francisco ng ranked-choice na pagboto para punan ang mga katungkulan ng Mayor, Abugado ng Lungsod, Abugado ng Distrito, Sheriff, Tesorero, at mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor sa ika 1, 3, 5, 7, 9, at 11 na mga Distrito. Inaalis ng pamamaraan ng pagboto na ito ang pangangailangan na magsagawa ng pandesisiyong eleksyon.

**Maaari kayong magbigay ng ranggo ng hanggang sampung kandidato sa pagpunan ng mga oval mula kaliwa hanggang kanan.**

Para sa isinulat lamang na kandidato, isulat ang kanilang pangalan sa espasyo sa huling bahagi ng listahan at punan ang oval para sa ranggo na iyon.




**Para masigurado na mabilang namin ang lahat na mga napili ninyo:** Huwag magbigay ng ranggo sa higit sa isang kandidato sa bawat kolum. Kung nagkamali kayo, magtanong sa isang manggagawa sa botohan, tumawag sa (415) 554-4310, o pumunta sa ***sfelections.gov/voterportal***, para humingi ng kapalit na balota.

**Para makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa ranked-choice na pagboto:**

- ✔ Magsanay sa pagmarka ng ranked-choice na labanan at kaagad-agad makakuha ng katugunan sa ***sfelections.gov/practice***.
- ✔ Tingnan ang presentasyon tungkol sa ranked-choice na pagboto sa ***sfelections.gov/rcv***.
- ✔ Basahin ang inyong Pamplet ng Impormasyon sa Botante (ipadadala sa maagang bahagi ng Oktubre).

# Mga iba't-ibang paraan para bumoto

*Maaari kayong bumoto sa pamamagitan ng koreo, sa City Hall, o sa mga lugar ng botohan. Lahat ng mga pamamaraan na ito ay may seguridad at aksesible.*

## 1. Bumoto nang Maaga gamit ang Koreo

Ngayong Oktubre, ipadadala namin sa pamamagitan ng koreo ang mga vote-by-mail na pakete sa lahat ng lokal na botante at bubuksan ang aksesibleng vote-by-mail na sistema sa ***sfelections.gov/access***. Magkakaroon ang pakete ng isang balota, mga instruksiyon, isang "Bumoto Ako" na sticker, at isang pambalik na sobre na bayad na ang selyo.

Kahit gumamit kayo ng karaniwan o vote-by-mail na aksesibleng balota, kailangan ninyong tapusin ang tatlong hakbang na ito:

| | Papel na vote-by-mail na balota | Aksesibleng vote-by-mail na balota |
|---|---|---|
| 1 **Markahan** ang inyong balota | Basahin ang mga instruksiyon sa bawat isang kard ng balota para gawin ang inyong mga pagpipilian. | Puntahan ang ***sfelections.gov/access*** at sundan ang mga instruksiyon para gawin ang inyong mga pagpipilian. |
| 2 **Ihanda** ang inyong sobre | Alisin ang mga resibo at ilagay ang mga kard sa loob ng inyong pambalik na sobre ng balota. Kumpletuhin at pirmahan ang sobre, pagkatapos iselyo ito. | I-print ang inyong balota at ilagay ito sa loob ng pambalik na sobre. Kumpletuhin at pirmahan ang sobre, pagkatapos iselyo ito. |
| 3 **Ibalik** ang inyong sobre | ✔ Para mabilang ang mga balotang ibinalik sa **pamamagitan ng koreo**, kinakailangan na-postmark ang mga ito sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5. (I-check ang mga oras ng pagkuha kung ipadadala ninyo ang inyong balota gamit ang koreo sa Araw ng Eleksyon). ✔ Para mabilang ang mga balotang ibinalik **nang personal**, kinakailangan na maipadala ang mga ito sa isang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa lugar ng botohan nang hindi lalampas ng 8 pm sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5. | |

*Pumunta sa ***sfelections.gov/ballotdropoff*** para tingnan kung saan ang mga lugar ng 37 na opisyal na kahon na hulugan ng balota.

## 2. Bumoto nang maaga sa Sentro ng Botohan sa City Hall

Kahit sinumang elihibleng residente ng lungsod ay maaaring magparehistro para bumoto, kumuha o maghulog ng balota, o bumoto gamit ng aksesibleng balota sa City Hall. Sa eleksyon na ito, magiging bukas ang Sentro ng Botohan tuwing:

- Oktubre 7 - Nobyembre 4, Lunes - Biyernes, 8 am hanggang 5 pm (maliban lamang sa Oktubre 14 na holiday)
- Oktubre 26 - 27 at Nobyembre 2 - 3, Sabado - Linggo, 10 am hanggang 4 pm
- Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 5, 7 am hanggang 8 pm

## 3. Bumoto sa inyong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon

Kahit sinumang elihibleng residente ng lungsod ay maaaring magparehistro para bumoto, kumuha o maghulog ng balota, o bumoto gamit ang aksesibleng balota sa lugar ng botohan ng inyong komunidad. Magbubukas ang 501 na lugar ng botohan mula 7 am hanggang 8 pm sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5.

Para malaman ang inyong itinalagang lugar ng botohan, pumunta sa ***sfelections.gov/myvotinglocation***, tumawag sa (415) 554-4310, o i-check ang inyong Pamplet ng Impormasyon sa Botante (ipadadala sa koreo sa Oktubre).